Ebanghelyo ayon kay Mateo 14 : 34 - 36

Si Hesus ay pumaroon sa lupain ng Gennesaret. Nang makilala siya ng mga taga-roon, kumalat ang balita sa buong lugar at dinala kay Hesus ang lahat ng may karamdaman. Hiniling nila na mahipo man lang ng mga may karamdaman kahit ang laylayan lamang ng Kanyang kasuotan. At lahat ng nakahipo nito ay lubusang gumaling.

Pebrero 14, 2012 : Isang kasama ko ay humiling ng panalangin para sa kanyang ina.
May bara ang puso ng kanyang ina,
ipapasok sa ospital ngayon at bukas ay ooperahan.
Ang kasama ko ay nabigyan ng "Dr. Jesus" at nahikayat manalangin, "Hesus, samo ko'y tulungan mo ang aking ina." Siya ay walang karanasan sa pananalangin ngunit ng gabing iyong, Pebrero 14 at kinabukasan, siya'y nanalangin ng mataimtim para sa kanyang ina. Pebrero 16, nakatanggap ng balita ang kasama ko sa kanyang kapatid na babae, "Si ina ay ok na. Hindi na niya kailangan ang operasyon. Ibinalik na siya sa bahay at maayos na."